# NOLI AT FILI SA LENTE NG MAKABAGONG PUNTO DE VISTA (PAGPAPALALIM NG PAGPAPAHALAGA SA PANITIKAN GAMIT ANG POKUS SA PUNTO DE VISTA)

*by:*
**Shiela T. Navarro**
*LPT*

Ang Noli Me Tangere (1887) at El Filibusterismo (1891) ay mga kathang nobela ng pambansang bayani, Gat Jose Rizal. Ang Noli ay walang takot ngunit masining na tumalakay sa kanser ng lipunan o kawalang hustisya sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ang Fili naman ay sumentro o nakasentro sa kasakiman ng mga makapangyarihan at ang idealismo ng mga martir na binitay. Ang mga nobelang ito'y gumising ng damdaming makabayan ng mga Filipino at sa huli ay naging mitsa ng maalab na paghihimagsik ng mga bayani kasama si Gat Andres Bonifacio at ng Katipunan laban sa pangaabuso ng mga Kastilang mananakop (Paciente, 2022)

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bagamat hindi rebolusyunaryo at 'di kinikilala ng iba na si Dr. Jose Rizal ay separatista, nagpatotoo ang kaniyang mga kapwa iskolar, Jose Alejandrino at Galicano Apacible, na naniniwala si Rizal na ang kasarinlan mula sa kolonyalistang España lamang ang magbibigay kapanganakan sa sibil, sosyal, at political na kalayaan—mga adhikang binulalas ng Noli at Fili. (Quibuyen, 1997). Bagamat malaya na ang Pilipinas at moderno na ang panahon, ang mga pagpapahalaga tulad ng katapangan, pagkakaroon ng buong loob, disiplina, katapatan, pagmamalasakit, pagmamahal sa karunungan at edukasyon, at pagiging makabayan ay naangkop pa rin sa mga Filipino at lalo't higit na kailangan sa panahong tigib ng kahirapan, kawalang hustisya at mapagpanggap na kalayaan.

Kaya naman, parte pa din ng kurikulum ng Filipino para sa antas sekondarya ang pagtuturo ng iba't ibang kasanayang pangkomunikasyon at pangliteratura gamit ang piling content tulad ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Nakakalungkot mang isipin,

marami sa mag-aaral ang hindi ganado sa paggalugad, pagtapos at pagaanalisa ng mga kabanata ng Noli at Fili. Sa pag-unlad ng teknolohiya at dagdag na kalayaan ng pagpapahayag sa Social Media tulad ng Facebook, TikTok, at YouTube, marami sa mag-aaral ang naggaganyak sa interaktibo, madamdamin, napapanahon, kawiliwili, nakakaaliw at nakakalibang na pagaaral ng isang akdang panitikan tulad ng mga nobelang, Noli at Fili (Tus, et. al., 2021)

Sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral lalo ang paglinang ng kanilang pagpapahalaga o appreciation sa mga ito, magandang isaalang-alang ang “Reader-Response Theory” kung saan ang mga mag-aaral ang siyang sentro ng pagbibigay kahulugan at katuturan sa binabasang panitikan. Mas nagiging konektado ang mag-aaral kung sila ay binibigyan ng oportunidad na tumugon o magbigay reaksiyon sa binasang akdang pangliteratura (poetryfoundation, n.d.)

Sa panahon natin ngayon kung saan mas pinaigting ang gender equality o pagkakapantay ng kasarian; mas binibigyang boses ang maliit o ang iilan; mas may pitak na ang mga karakter na noon ay hindi napakikinggan tulad ng mga tsismosa o kung tawagin ng mga millennial ay “Marites”, at hinihingan narin ng bersyon ang mga ‘kontrabida’, nararapat lamang na gamitin ang iba’t ibang PUNTO DE VISTA (POV) sa naratibo, sa monologo, o sa spoken poetry o tanghal-tula.

Sa konteksto ng Noli at Fili, maaring 1.) papiliin ang mag-aaral kung kanino sila kampi kay Elias o kay Ibarra at gamit ang POV, hayaan silang magpahayag ng isang tanghal-tula; 2.) pasulatin ng liham si Basilio o si Crispin sa kanilang inang si Sisa; 3.) Gumanap ang mga magaaral ng papel sa husgado, ilan sa kanila ay tutugon bilang mga hinablang Padre Damaso, Padre Camorra, Padre Salvi, at Padre Sibylla, at ang biktimang si Pia Alba o di kaya ay 4.) lumikha ng dugtong na kabanata na magpapatuloy sa romatikong kuwento ni Maria Clara at Crisostomo Ibarra.

Hindi lahat ng mga kasanayan ay mapapaunlad at matatanghal sa paggamit ng PUNTO DE VISTA ngunit ang teknik na ito'y magpapataas ng partisipasyon o magpapasabik sa mga mag-aaral na makilahok, lumikha ng sariling obra at magtanghal.

Moderno na ang panahon, kaya't ang pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan ay nararapat ding makabago at kawiliwili lalo sa edad ng kabataan at yumayakap sa mga progresibong kaisipan. Moderno dahil nagbibigay boses sa mga tikom ang bibig, dahil pantay ang tingin sa mamamayan, dahil kumikilala ng karapatan, at dahil tumatanggap ng pagkatao at pagiging 'kakaiba' ng bawat isang mag-aaral ng panitikan.

*References:*

Paciente, D. R. (April 25, 2022) Dr. Jose Rizal's "The Social Cancer" and "Reign of Greed". Owlcation. Retrieved from https://owlcation.com/humanities/noli-me-tangere-and-el-filibusterismo

Poetry Foundation. (n.d.) Glossary of Poetic Terms. Retrived from https://www.poetryfoundation.org/learn/glossary-terms/reader-response-theory

Quibuyen, F. (1997). Rizal and the Revolution. Philippine Studies, 45(2), 225–257. http://www.jstor.org/stable/42634230

Rapsing, M. B. (2014) IRACST Tech Science Journal. Retrieved from https://www.iracst.org/noli-me-tangere-a-required-reading-among-filipino-students

Tus, J. et. al. (2021). The Social Media Usage and Its Impact on the Filipino Learners' Academic Performance Amidst the Online Education. DOI 10.6084/m9.figshare.16997119.v2

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan